

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 4:2

CUM invocárem te, exaudísti me,
Deus iustítiaē meā: in
tribulatióne dilatásti me:
miserére mihi, Dómine, et
exáudi oratiónem meam.

KAPAG ako'y tumawag, sagutin mo ako, Poong
Diyos kong puspos ng katarungan: Ikaw po ang
sumasagip sa akin kung ako'y nasa kagipitan.
Kahabagan niyo po ako, Panginoon, at
pakinggan mo ang aking panalangin!

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

QUÆSUMUS, omnípotens
Deus: ut illíus salutarís capiámus
efféctum, cuius per hæc mystéria
pignus accépiimus. Per
Dominum.

HINIHILING namin sa iyo, O
makapangyarihang Dios, nawa'y makamit
namin ang kaligtasan na siyang ipinangako sa
pagtanggap namin nitong mabathalang
pakikinabang. Alang-alang kay Jesucristo...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

ASCENDANT ad te, Dómine,
preces nostræ: et ab Ecclésia tua
cunctam repélle nequítiam. Per
Dominum.

NAWA'Y itong mga panalangin ay
pumailanlang sa iyong harap, O Panginoon, at
itaboy mo ang lahat ng kabuktutan sa iyong
Simbahan. Alang-alang kay Jesucristo...

Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

MARTES

MAKARAAN ANG UNANG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Domine refugium"

• III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 89:1-2

DOMINUS refúgium factus es
nobis a generatióne et progénie:
a sáculo et in sáculum tu es. —
Ps 89:2 Priúsquam montes
fierent, aut formarétur terra et
orbis: a sáculo et usque in
sáculum tu es Deus. *V.* Gloria
Patri. Dominus...

PANGINOON, ikaw ang naging kanlungan
namin sa lahat ng salinlahi; mula sa walang
simula hanggang sa walang wakas ay ikaw. —
Salmo 89:2 Bago pa binuo ang mga bundok,
bago pa nilikha ang lupa't daigdig, mula sa
walang simula hanggang sa walang wakas, ikaw
ang Diyos. *V.* Luwalhati sa Ama. —
Panginoon...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

RESPICE, Dómine, famíliam
tuam: et præsta; ut apud te mens
nostra tuo desidério fúlgeat, quæ
se carnis maceratióne castígat.
Per Dóminum.

MASDAN mo, O Panginoon, itong iyong
tahanan, at marapatin mo na itong aming isip
ay umaninag sa pag-nais sa iyo sa iyong harapan,
sa pamamagitan ng pagsupil sa pita ng katawan.
Alang-alang kay Jesucristo na aming
Panginoon...

Sa mga Misa ngayong araw, idaragdag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."

PAGBASA • Is 55: 6 - 11

Pagbasa mula sa aklat ni Propeta Isaias.

NOONG MGA ARAW NA IYON: Nagwika ang Profeta Isaias at sinabi:
"Hanapin ang Poon habang matatagpuan, tumawag sa kanya habang siya'y
malapit. Iwan ng masama ang kanyang daan, talikuran niya ang kanyang mga balak;
bumaling siya sa Panginoon at siya'y kahahabagan niya, sa ating Diyos na laging
handang magpatawad. 'Ang aking mga balak ay hindi ninyo balak, at ang inyong
mga paraan ay hindi ko paraan', sabi ng Poon. Pagkat kung paanong napakataas
ng langit sa lupa, gayundin kataas ang aking mga paraan sa inyong mga paraan at
ang aking mga balak sa inyong mga balak. Bumababa buhat sa langit ang ulan at
niyebe at 'di nagbabalik doon hangga't ang lupa'y di nadidilig at pinasisibol ito at

pinasusupling hanggang mamunga ito ng mga butong panghasik at tinapay na pagkain, gayundin naman ang aking salita na lumalabas sa aking bibig: hindi iyon babalik sa akin nang walang nagagawa kundi gagawin nito ang aking nais at tutuparin kung bakit ko ito isinugo”, wika ng Panginoong makapangyarihan. —

R. Salamat sa Diyos.

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 140:2

DIRIGATUR oratio mea sicut incensum in conspectu tuo, Dómine,
V. Elevatio mánuum meárum sacrificium vespertinum.

PUMAILANLANG nawa ang panalangin ko tulad ng insenso sa iyong harapan, ang pagtaas ng mga kamay ko tulad ng pang-gabing paghahain.

V. Ang pagtaas ng mga kamay ko tulad ng pang-gabing paghahain.

EBANGHELYO • Mt 21: 10-17

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Pagpasok ni Jesús sa Jerusalem, nagulo ang buong lungsod, at nagtanungan sila: “Sino ito?” At sumagot naman ang mga tao: “Ito ang profetang si Jesús na taga-Nazaret ng Galilea.” Pumasok sa Templo si Jesus at pinalayas ang mga taong nagtitinda at bumibili sa patyo ng Templo. Itinaob niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng pera at ang mga upuan ng mga nagtitinda ng mga kalapati. At sinabi niya sa kanila: “Nasusulat na ‘Tatawaging bahay-dalanginan ang aking bahay.’ Ngunit ginagawa ninyo itong kuta ng mga magnanakaw.” Lumapit din sa kanya sa Templo ang mga bulag at mga pilay, at pina-galing sila ni Jesus. Nakita naman ng mga pinuno ng mga pari at mga guro ng Batas ang kataka-takang mga bagay na ginawa ni Jesus at ang mga batang sumisigaw sa Templo: “Osana sa Anak ni David!” Kaya nagalit sila at sinabi kay Jesús: “Naririnig mo ba ang sinasabi nila?” Sinagot sila ni Jesús: “Oo. Hindi ba ninyo ito nabasa: ‘Sa bibig ng mga musmos at sanggol, inilagay mo ang ganap na pagpuri?’” At pagtalikod sa kanila, lumabas siya sa lungsod at pumunta sa Betania para doon magpalipas ng gabi. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 30: 15-16

IN te sperávi, Dómine; dixi: Tu es Deus meus, in mánibus tuis témpora mea.

AKO’Y sa ’yo nananalig, Panginoon, sinasabi kong ikaw ang aking Diyos. Nasa mga kamay mo ang kauuwian ng aking buhay.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

OBLATIS, quæsumus, Dómine, placáre munéribus: et a cunctis nos defénde perículis. Per Dominum.

ITONG mga handog na inalay sa iyo, O Panginoon nawa’y iyong kasiyahan: at kami’y iyong ipanganggalang mula sa lahat ng kapamahakan. Alang-alang kay Jesucristo...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnípotens, ætérne Deus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnió vítia cómpimis, mentem élevas, virtútem largíris et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Kristong aming Panginoon.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítte iúbeas, deprecámur, súpplíci confessióne dicéntes:
— Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**